

# Institusyonal Na Kasaysayan Ng American National Red Cross Sa Pilipinas, 1917-1940 (The Institutional History of American National Red Cross in the Philippines, 1917-1940)

**John E. CASTRO**

De La Salle University-Manila

johnbilanghistorian@gmail.com

<https://orcid.org/0009-0005-4841-2041>


## ABSTRAK

Sa kasalukuyang panahon, ang Philippine Red Cross ang tumutulong pagdating sa sakuna, kagipitan, medikal at iba pang mapagkawangawang serbisyo. Ang Red Cross ay matagal nang nagsisilbi sa mga Pilipino sa ilalim ng International Federation of Red Cross and Red Crescent Societies sa kontemporaneong panahon. Sa kabila ng kasalukuyang serbisyo ng Red Cross, mayroon itong malalim na kasaysayan sa Pilipinas. Sa pagtalakay sa kasaysayan ng Red Cross, ginamit sa pananaliksik ang balangkas ng Naratibong Kasaysayan o *Narrative History* kung saan ipinaliwanag ang daloy ng kronolohiya ng pagkakatatag at pangangasiwa ng Red Cross sa Pilipinas sa ilalim ng pamahalaang kolonya ng Estados Unidos. Gumamit ng mga primaryang batis tulad ng mga magasin ng *American Chamber of Commerce*, ang ulat ng Direktor ng Edukasyon, magasin na *Philippine Review (Revista Filipina)* at *Board of Educational Survey*. Sa sekundaryang batis naman ay ginamit ang *The Conscience of the Nation* ni Alfonso Aluit at *The History of The American National Red Cross Volume 34* ni Dorothy Albertson. Tinatawag ang mga unang babaeng manggagamot na Cruz Roja na tumutulong sa mga nasawing sundalo sa Rebolusyong 1896, Digmaang Español-Amerikano at Digmaang Pilipino-Amerikano magmula 1896 hanggang 1899. Ang mga nasawi ay ang mga nasugatan o namatay sa labanan. Tinatalakay ng papel na ito na ang mga manggagamot at boluntaryo ng Red Cross ay binubuo ng mga Amerikano at Pilipinong miyembro. Dito unti-unting naitatag ang American National Red Cross sa Pilipinas at may mga Pilipinong kinatawan naman sa institusyon na nasa sektor ng Philippine Red Cross-Branch. Noong 1917, pormal na naitatag ang ANRC bilang organisadong institusyon at ang PRC-Branch naman para sa mga Pilipinong miyembro nito. Nagsilbi ang ANRC sa mga mapangkawangawang serbisyo, medikal, komunidad, sanitasyon, kagipitan, sakuna at pagtuturo ng medikal na kaalaman sa mga kabataan magmula 1917 hanggang 1932. Noong 1933, kasagsagan ng transisyon ng ANRC at PRC-Branch dahil magkakaroon ng Pamahalaang Komonwelt sa Pilipinas sa ilalim ni Pangulong Manuel Quezon ay naisasagawa ang Pilipinisasyon sa mismong institusyon. Magmula sa kapangyarihan ng Pamahalaang Estados Unidos ay napunta ang pamamahala nito sa Pamahalaang Komonwelt sa Pilipinas at tinawag na itong Philippine Red Cross (American National

Red Cross). Ang PRC-ANRC ay tumulong sa mga mamamayan ng Pilipinas hanggang sa paglipas ng panahon. Sakop ng papel na ito ang mga taong 1917 hanggang 1940 bilang limitasyon ng pag-aaral.

**Keywords:** *Red Cross, American National Red Cross, Cruz Roja*

## PANIMULA

a ika-21 na dantaon, ang Philippine Red Cross (tutukuyin bilang PRC), ang kilala na may mapagkawangawang serbisyo sa panahon ng sakuna, kagipitan, medikal, donasyon, pagtulong sa donasyon ng dugo, lektura sa mga paunang lunas sa mga paaralan at komunidad, epidemya, at lalo na nitong pandemyang COVID-19. May panunumpa ang PRC ng neutralidad sapagkat hindi nagsisilbi sa Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas ang PRC kundi sa ilalim ng International Federation of Red Cross and Red Crescent Societies (tutukuyin bilang IFRC). Hindi pinopondohan ng pamahalaan ng Pilipinas ang PRC bagkus galing ang lahat ng pondo at suporta sa IFRC, suporta galing sa mga donasyong pinansyal at pagtulong ng ibang mga korporasyon at institusyon. Ang PRC ang organisasyon na walang kinikilingan at hindi namimili ng tutulongang mamamayan. Kahit anong lahi, relihiyon, kinalakihang lalawigan o kaya kahit anong antas ng estado ng lipunan ng isang mamamayan, tutulong pa rin ang Philippine Red Cross. Ngunit sa usaping ito ng kasalukuyang sitwasyon ng Philippine Red Cross, paano nga ba ang sitwasyon sa ilalim ng pananakop ng Estados Unidos? Tatalakayin ng papel na ito kung paano nagsimula ang Red Cross sa Pilipinas partikular sa panahon ng Pamahalaan ng Estados Unidos dito sa Pilipinas.

May tatlong layunin ang papel na ito. Una, ilahad ang kasaysayan ng Cruz Roja at papel nito sa Rebolusyong Pilipino 1896 at Digmaang Pilipino-Amerikano. Ikalawa, ugatin ang hamon at suliraning kinaharap ng Red Cross sa Pilipinas mula 1905 hanggang 1917. Ikatlo, ang pagbuo ng American National Red Cross (tutukuyin bilang ANRC) mula 1917 hanggang 1940 at ang ANRC (Philippine Red Cross Branch). Layunin ng papel na maipakita ang komprehensibong kasaysayan ng Red Cross sa Pilipinas sa ilalim ng Pamahalaan ng Estados Unidos at gayon din sa Pamahalaang Komonwelt noong 1935.

## METODOLOHIYANG PANGKASAYSAYAN AT BALANGKAS NG KASAYSAYAN

Ginamit ng mananaliksik ang kwalitatibong pananaliksik para sa pag-aaral ng institusyonal na kasaysayan ng ANRC sa Pilipinas magmula 1917 hanggang 1940. Bagamat pormal na naitatag, naorganisa at kinilala ng

Pamahalaang Insular ang Red Cross, kailangan pa ring kumalap ng mga batis sa pinagmulan ng Red Cross noong 1896 at tinatawag ang mga miyembro nito na Cruz Roja. Nagsimula sa pagkalap ng mga dokumento na galing sa mga magasin o journal ng American Chamber of Commerce at Philippine Review o Revista Filipina na nagamit bilang batayan ng mga impormasyon tungkol sa ANRC. Nakakalap din sa pananaliksik ang ulat ng *Twenty-First Annual Report of the Director of Education*. Ginamit ang korobasyon sa mga batis at pagsusuri ng mga nilalaman para sa paggamit sa institusyonal na kasaysayan ng ANRC. Sa mga sekundaryang batis naman tulad ng *The Conscience of the Nation: A History of the Red Cross in the Philippines 1896-1997* ni Alfonso Aluit at *The History of The American National Red Cross Volume XXXIV: The History of The Red Cross in the Philippine Islands* ni Dorothy Albertson na naisulat ang mga sanggunian na ito na itinalaga kay Aluit at Albertson na magsulat ng kasaysayan tungkol sa kabuuang kasaysayan ng Philippine Red Cross sa Pilipinas. Malaking bagay ang dalawang sanggunian nina Albertson at Aluit sa pananaliksik sapagkat nagkaroon ng pagsusuri sa mga batis na ginamit para maisulat ang aklat ngunit may mga impormasyong naipaliwanag lamang nang pahapyaw kaya't mas minarapat na kumalap at suriin pa ang ibang mga batis para maisulat ang kasaysayan ng ANRC magmula 1917 hanggang 1940.

Sa balangkas ng kasaysayan, ginamit ang Narrative History o Naratibong Kasaysayan para ipaliwanag ang institusyonal na kasaysayan ng ANRC at PRC-Branch: magmula sa mga mahahalagang pangyayari ng Cruz Roja sa Rebolusyong 1896 hanggang sa Digmaang Pilipino-Amerikano 1899 mga pangyayari magmula 1905 hanggang 1917; hanggang sa pormal na pagkakatatag at pamamahala sa ANRC magmula 1917 hanggang 1932; at ang huling bahagi ng 1932 hanggang 1940 sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt. Hindi lang ito kronolohiya ng mga impormasyon tungkol sa ANRC, ito ay pagpapakita ng pag-unlad at pagbabago ng Red Cross magmula sa ilalim ng Pamahalaang Insular sa Pilipinas hanggang sa mapunta na sa Pamahalaang Komonwelt ang pamamahala ng Red Cross. Magkaiba ang pangangasiwa ng Red Cross sa kontemporaneong panahon na Philippine Red Cross na may neutralidad o walang pagkiling sa pamahalaan basta't tumutulong lamang sa kagipitan kumpara sa Red Cross noong panahon ng mga Amerikano na nangangasiwa at namamahala ang pamahalaang kolonya sa mismong institusyon.

## **ANG CRUZ ROJA SA PANAHOON NG REBOLUSYONG 1896 HANGGANG DIGMAANG PILIPINO-AMERIKANO, 1896-1905.**

Nagsimula ang Red Cross sa Pilipinas sa tawag na Cruz Roja na binubuo ng mga pangkat ng kababaihan na nagsisilbi sa serbisyong medikal sa mga

Katipunero at sundalong Pilipinong lumalaban sa digmaan laban sa mga Español at Amerikano. Noong 26 Agosto 1896, nagsimula ang paghihimagsik ng Katipunan sa Maynila at iba pang karatig bayan. Si Melchora Aquino ang nagbibigay ng paunang lunas at gumagamot sa mga Katipunero sa kanyang bahay noong Rebolusyong Pilipino 1896.<sup>1</sup> Sumunod si Trinidad Tecson na gumamot sa mga nasawing Katipunero. Si Trinidad Tecson, kilala bilang Ina ng Kasunduan sa Biak Na Bato at lumaki sa San Miguel Bulacan, ang pangunahing bumuo ng Cruz Roja sa Pilipinas. Bukod pa rito, nagkaroon ng labanan sa Zaragoza, Nueva Ecija na nauwi sa pagkakasugat ni Tecson. Ngunit kahit na sugatan, ginamot pa rin ni Tecson ang mga nasawing Katipunero sa labanan.<sup>2</sup>

Noong magtagumpay sa labanan ang pangkat ni Emilio Aguinaldo sa Cavite laban sa mga Español, Cruz Roja ang gumamot sa mga sugatang rebolusyonaryo magmula 1896 hanggang 1898. Si Doña Trinidad Aguinaldo at si Candido Tirona (sekretarya ng digmaan sa Partidong Magdalo), ang mga namuno sa Cruz Roja pagkatapos ni Tecson. Sinundan naman ang pamumuno sa mga kababaihang mediko ng Cruz Roja ni Josephine Bracken, dating kabiya ni Dr. Jose Rizal. Noong 1898, sa ilalim ng pamumuno ni Josephine Bracken ay nakapagpatayo ito ng pansamantalang ospital sa Tejeros, Bulacan.

Dagdag pa rito, ayon kay Apolinario Mabini, dapat nang magtatag ng pambansang asosasyon ng Cruz Roja at ito ay mungkahi pa ni Mabini kay Aguinaldo upang mas mapagtuunan ng pansin ang pagsisilbi sa serbisyo medikal at tulong sa digmaan kahit na maging hamon ito sa internasyunal na pagkilala sa Kombensyong Geneva bilang sariling sekta ng Red Cross. Nahihirapan din ang Pilipinas na irehistro ang Cruz Roja sa Kombensyong Geneva dahil kolonya pa rin ng España ang Pilipinas at walang sariling estado. Sa kadahilanang ito, hindi pa rin kinikilala sa internasyunal bilang sariling estado ang Pilipinas. Ngunit kahit ganoon ang sitwasyon ng Pilipinas at Cruz Roja, Kinikilala pa rin ng Pamahalaan ni Aguinaldo ang Cruz Roja.<sup>3</sup> Noong 17 Pebrero 1899, itinatag ang Pambansang Asosasyon ng Cruz Roja at si Hilaria del Rosario, asawa ni Aguinaldo, ang itinalagang maging pangulo ng asosasyon at si Sabina Cruz Herrera ang naging kalihim.

---

<sup>1</sup> Alphonso J. Aluit, *The Conscience of the Nation: A History of the Red Cross in the Philippines 1896-1997*. (Manila: Galleon Publications, 1977): 103.

<sup>2</sup> *Philippine Education Magazine*. (March, 1928). 14. No. 10 (Manila. Philippine Education Company, Inc., 1928): 579.

<sup>3</sup> Apolinario Mabini, *The Letters of Apolinario Mabini* (Manila: National Historical Institute, 1999): 49.

Hindi nagtagal, nagkaroon ng maraming pangkat sa mga lugar sa Pampanga, Bulacan, Dagupan at Batangas ang Cruz Roja. Si Maria Agoncillo naman ang namuno sa pangkat ng Cruz Roja sa Batangas bukod pa sa mga nabuong pangkat sa iba't ibang lalawigan. Ang Malolos, Bulacan ang nagsilbing Sentral na Punong-Himpilan ng Cruz Roja. Malaki ang naging ambag ng Cruz Roja dahil sila ang mga gumagamot sa mga nasawi sa Digmaang Español-Amerikano. Inasasikaso pa rin ito ng Cruz Roja sa pagdala ng bangkay o magbigay ng paunang lunas na maaari pang gawin. Sa mga talang pangkasaysayan, hindi mabilang ang ginawa ng Cruz Roja sa mga tulong medikal at sa panahon ng kagipitan sa digmaan. Bukod din sa Digmaang Español-Amerikano, mas nagkaroon ng papel ang Cruz Roja sa Digmaang Pilipino-Amerikano sa iba't ibang panig ng Luzon.<sup>4</sup> Isa na rin ang Cruz Roja sa mga tumulong kay Hiraldo Tal Placido, ang hepe ng militar sa Kasiguran at dito na binuo ang Liga ng Cruz Roja na binubuo ng mga kababaihan. Ang mga miyembro nito ay nagmula pa sa bayan ng Kasiguran (sa Aurora). Patuloy ang serbisyong medikal ng Cruz Roja sa digmaan mula 1898 hanggang huling bahagi ng 1899.<sup>5</sup>

Samantala, noong 24 Enero 1900, umapela si Victor Girardin sa International Committee of Red Cross (tutukuying bilang ICRC) sa Geneva na kilalanin ang Cruz Roja sa Pilipinas. Dagdag pa rito, bawat bansa ay dapat maging miyembro ng ICRC sa Geneva lalo na sa mga bansang may soberanya at sariling estado. Ngunit dahil ang Pilipinas ay kolonya ng mga Español at naging kolonya naman ng Estados Unidos, hindi pa rin ito kinikilalang sariling organisasyon na representasyon ng Pilipinas. Hindi nagtagal, tinulungan ni Felipe Agoncillo si Girardin sa pag-aapela hanggang 1901 ngunit bigo rin. Kalaunan, hindi naging aktibo ang Red Cross sa Pilipinas bilang organisadong institusyon hanggang 1905.<sup>6</sup>

## **ANG AMERICAN NATIONAL RED CROSS AT PHILIPPINE RED CROSS BRANCH, 1905-1917**

Sa kadahilanang kolonya ng Estados Unidos ang Pilipinas, mas kinikilala ng internasyonal na kombensyon ang pamahalaan ng Estados Unidos at hindi ang Pilipinas sa Kombensyong Geneva. Ang Kombensyong

---

<sup>4</sup> Aluit, *The Conscience of the Nation*, 104-108.

<sup>5</sup> Manuel Artigas, *Galeria de filipinos ilustres: biografías a contar desde los primeros tiempos de la dominación Hispana, de los hijos del país que en sus respectivas profesiones descollaron i hayan alcanzado algún puesto de distinción en Sociedad* (Manila: Imp. Casa Editora Renacimiento, 1918) 303.

<sup>6</sup> Aluit, *The Conscience of the Nation*, 108-111.

Geneva ang namamahala ng mga kinatawang teritoryo at bansa sa buong mundo na miyembro ng Red Cross magmula pa 1882 sa Congression Charter nito. Nagsimula muli na subukan na gawing aktibo ang pangangasiwa ng Red Cross sa Pilipinas kaya noong 30 Agosto 1905, si Mabel T. Boardman ang naging kalihim ng Komite Sentral ng ANRC sa Ayuntamiento (sa Intramuros, Maynila). Ang mga naging miyembro ng ANRC ay mga opisyal ng pamahalaan, simbahan, mga sibilyang nasa mataas na antas ng lipunan, mga Amerikano, mga Pilipino at mga kababaihan. Sa ANRC, ang mga kababaihan lamang ang kwalipikado at nagiging miyembro simula noong Digmaang Pilipino-Amerikano hanggang 1905 kaya't binuksan na rin ng ANRC ang pagsali at pagiging miyembro nito sa mga kalalakihan.

Noong 1905, si Gob. Hen. William Howard Taft ng Pamahalaang Insular ng Estados Unidos sa Pilipinas, ang naging unang pangulo ng ANRC ngunit pansamantala lamang ito. Si Gob. Hen. Luke E. Wright ang sumunod na binotong pangulo ng ANRC pagkatapos ni Gob. Hen. Taft, si Chief Justice Cayetano B. Arellano ang pangalawang pangulo, Si George A. Main ang kalihim ng ANRC, at Capt. Charles D. Palmer ang taga-ingat yaman.

Ayon kay Boardman, isa sa mga layunin ng Red Cross ang tumulong sa mga sakuna at kagipitan na nangyayari sa Pilipinas. Sa mga pondong nakakalap ng bagong sangay noong 1905, kalahati ng pondo ay magagastos para sa mga sakuna at kalahati naman ay sa ANRC sa Washington D.C. Bukod pa sa ANRC, nagkaroon din ng sangay ng Pilipinas o Philippine Branch (tutukuyin bilang PRC-Branch). Nagkaroon ng alitan pagdating sa pagiging miyembro ng ANRC dahil ang mga Amerikano lamang ang prayoridad pagdating sa pagkuha ng mga miyembro sa ANRC kaya nagkaroon ng hiwalay na sangay ang Red Cross para sa mga Pilipino at ito ang PRC-Branch.

Noong 11 Oktubre 1906, isinagawa ang unang pagpupulong ng Red Cross sa ilalim ni Gob. Hen. James F. Smith. Isinagawa ang mga pagtalaga sa mga opisyal na magsisilbing mamumuno sa PRC-Branch. Si Gob. Hen. Smith ang unang pangulo ng PRC-Branch, Si Arthur Walsh Fergusson bilang kalihim at si Victorino Mapa bilang pangalawang kalihim ng PRC-Branch. Si Chief Justice Cayetano Arellano naman ang naging ingat-yaman ng PRC-Branch.

Lingid sa mga detalyeng ito, simula 1907 hanggang 1909, walang tala sa kasaysayan na may pagpupulong ang Red Cross ngunit wala rin namang nabanggit na huminto ang ANRC sa serbisyo. Sa mga panahong ito, bumalik si Arthur Walsch Fergusson sa Estados Unidos at si Victorino Mapa ang nagpatuloy ng trabaho ni Fergusson bilang kalihim ng Red Cross sa Pilipinas. Noong 1910, hindi na naging aktibo ang PRC-Branch dahil ₱2,673.64 na lamang ang natitirang pondo nito, maliit na pondo para sa

pangangasiwa sa sangay ng Red Cross. Si Obispo Brent ang aktibo sa sangay ng PRC-Branch at nag-uulat kay Boardman na hindi na maipagpapatuloy pa ang Red Cross dahil na rin sa kulang ang mga sumasaling miyembro sa organisasyon sa kadahilanang hindi na gaanong aktibo ang ANRC at nanganganib na itigil ang operasyon nito sa Pilipinas.<sup>7</sup>

Ngunit may isang sakuna na pinatunayan ng ANRC at PRC-Branch na kaya pang tumulong ng organisasyon. Ayon sa American Chamber of Commerce Journal sa edisyong 1921, noong sumabog ang Bulkang Taal noong 30 Enero 1911, tinamaan ng kidlat ang crater ng Bulkang Taal na naging dahilan ng pagsabog ng Bulkan ng 2:00 ng madaling araw. Ngunit kahit na ito ang tinutukoy na rason ng pagsabog, may mga pag-aaral din na nagkakaroon ng hindi normal na kalagayan ng Bulkang Taal bago pa ito tamaan ng kidlat. Isa sa pinakamapaminsalang pagsabog ang pagsabog ng bulkang taal at naapektuhan ang Isla ng Taal na may mahigit kumulang na tala na 1,335 na namatay at 199 ang sugatan, ngunit pinaniniwalaang mas marami pa ang nasawi sa pagsabog. Mga mahigit kumulang naman na dagdag na 702 pa ang namatay at mahigit 543 na kabahayan na gawa sa bahay-kubo ang nasira. Anim na oras ang itinagal ng pagsabog at pagkatapos ay umulan pa ng abo na umabot pa sa Maynila. Bukod pa sa mga mamamayan at hayop ang namatay, namatay rin ang mga puno sa paligid ng Lawa ng Taal. Pitong baryo ang natupok sa naturang pagsabog at hindi na tinirhan pa ng mga residente.

Ngunit bago pa ang ika-30 araw ng Enero, lumabas sa imbestigasyon ng mga siyentista na kapansin-pansin ang pagpapalit ng kulay ng crater at mainit na temperatura ng tubig sa ibang bahagi ng bulkan. Ngunit sa kasamaang palad kahit may mga datos na nakikita tungkol sa Bulkang Taal, bukod pa sa pinaniniwalaang tinamaan ng kidlat ang crater ay bigla na lang sumabog ang bulkan ayon sa mga siyentista.<sup>8</sup> Kaya noong 4 Pebrero 1911, kumalap ng pondo ang ANRC ng \$1,000 upang tulungan ang mga nasalanta ng pagsabog at ₱30,000 naman ang pondong naihanda ng PRC Branch para sa mga naapektuhan ng pagsabog. Nagbigay ng pagkain, damit at kagamitan sa pagkukumpuni ng mga bahay ang ANRC at dinala sa ospital ang mga

---

<sup>7</sup> Dorothy S. Albertson, *The History of The American National Red Cross Volume XXXIV: The History of The Red Cross in the Philippine Islands* (Washington: The American National Red Cross, 1950), 15-20.

<sup>8</sup> Capt. H.L. Heath, "The American Community", *The American Chamber of Commerce Journal* (1921) 1, no.1 (June, 1921): 8-11.

naapektuhan ng pagsabog. Dito napatunayan ng Red Cross ang kanilang aksyon sa panahon ng sakuna.<sup>9</sup>

Simula 1905 hanggang 1910, hindi nagkakaroon ng mga pulong, pag-oorganisa, pamamahala ang ANRC dahil na rin sa alitan ng mga Pilipino at Amerikanong miyembro nito at sa pahirapang prayoridad ng mga opisyal dahil may katungkulan din sa Pamahalaang Insular ng Estados Unidos ang mga ito, nasa punto na ang ANRC ay maaaring hindi na maging aktibo o hindi na pangasiwaan. Ayon sa aklat ni Aluit, dahil sa nangyaring pagsabog ng Bulkang Taal at ang pagpapakitang gilas na pagtulong ng ANRC, kinilala muli ang ANRC at PRC-Branch bilang organisasyon ng Red Cross sa ilalim ng Pamahalaang ng Estados Unidos simula 1911 hanggang 1917.

Bukod pa rito, nagkaroon din ng hindi pagkakaunawaan ang ANRC at PRC-Branch noong kasagsagan ng Unang Digmaang Pandaigdig sa Europa dahil nais ipadala ang mga Pilipino at Amerikanong tauhan ng ANRC at PRC-Branch sa Europa para tulungan ang mga sugatan at namamatay sa digmaan. Naglunsad muli ng pondo ang ANRC para sa tulong sa mga bansang naapektuhan ng Unang Digmaang Pandaigdig. Ngunit ang PRC Board ng PRC-Branch, walang nalunsad na pondo na inamin ni Obispo Brent at hindi na gaano aktibo ang Philippine Branch kumpara sa ANRC pagdating sa usapin ng pagtulong sa Europa. Minsan pa sa mga ulat na nagkakaroon ng hindi pagtutulungan ng dalawang sangay ang ANRC at PRC-Branch. Nagkakaroon ng alitan sa mga pulong, hindi prayoridad ng pamahalaang kolonya ang PRC-Branch at mas inuuna ang ANRC, mas binibigyan ng mga posisyon ang mga Amerikanong opisyal lalo na pagdating sa pagtaas ng posisyon at ang mga pondong mas inuuna ang ANRC kaysa PRC-Branch.<sup>10</sup>

### **ANG AMERICAN NATIONAL RED CROSS BILANG ORGANISADONG INSTITUSYON, 1917-1920.**

Noong 1917, pormal na naitatag ang ANRC. Ganap ng isang organisadong institusyon na ang ANRC at kasabay na naitatag din ang isang sangay nito na PRC-Branch sa ilalim ng Pamahalaang ng Estados Unidos sa Pilipinas at Board of Health (na kalaunan tinawag ding Philippine Health Service). Hawak ng Pamahalaang Estados Unidos ang ANRC sa iba't ibang aspeto tulad ng tulong pinansyal, pamamahala, medikal at mga suhestiyon nito na kinakailangan ng tulong ng ANRC. Karamihan ng mga chapter ay naninilbihan bilang suporta o auxiliaries. Mayroong 33 auxiliaries ang ANRC, ang mga auxiliary na ito ang nagbibigay ng suportang pinansyal,

---

<sup>9</sup> Aluit, *The Conscience of the Nation*, 118.

<sup>10</sup> Albertson, *The History of The American National Red Cross*, 24-27.



medikal, nars, at pagbibigay ng mga tauhan upang makapagbigay ng mapagkawangawang serbisyo hindi lang sa Maynila, pati na rin sa iba pang bahagi ng Pilipinas.

Noong kasagsagan ng Rebolusyong Bolshevik sa Russia, naglunsad ng pondo ng ₱50,000 para sa mga pangangibang bayan na taga-Siberia o mas kilala ang mga Rusong ito na *Russian Refugees*. Bukod sa paglulunsad ng pondo, tinulungan ng ANRC ang mga Ruso na tumakas sa Russia at ilipat sa Maynila ang mga lumikas. Ang ANRC ang nag-asikaso sa mga Rusong dumating sakay ng barko sa Maynila. Kalaunan ay dinala rin ang mga Ruso papuntang Estados Unidos.<sup>11</sup> Sa panahon ng sakuna, laging handa ang ANRC at PRC-Branch upang magbigay ng suporta at tulong lalong-lalo na noong 1917 dahil kasagsagan ito ng Unang Digmaang Pandaigdig sa Europa. Ayon din ito sa Tagapagsalita ng ANRC na si Sergio Osmeña na buong-buo ang suporta at sinabing handang tumulong ang Red Cross sa labas ng Pilipinas. Nagkakaroon din kasi ng pangamba noon na maaaring magkaroon ng digmaan sa pagitan ng Alemanya at Estados Unidos kaya't nakahanda ang ANRC sa kung anong maaaring mangyari.<sup>12</sup> Noong 1918, ang Chairman ng ANRC ay si Henry P. Davidson na isa ring Chairman ng War Council sa Europa, na itinalaga ni Pangulong Woodrow Wilson na pangulo ng Estados Unidos.

Samantala, aktibo rin ang ANRC sa Manila Carnival. Noong 8 Pebrero 1918, isinagawa ang kauna-unahang Manila Carnival sa Pilipinas kung saan, unang beses na nagtayo ng puwesto ang ANRC para sa tulong medikal at kung may mangyaring kagipitan. Ang Manila Carnival ay isang paligsahan o patimpalak ng kagandahan (*pageantry*). Isang selebrasyon kada taon na ipinagdiriwang ng mga Amerikano at marami ang mga dumadalo sa ganitong okasyon. Nagmartsa sa parada ang mga Amerikano, Briton at Pilipinong miyembro ng Red Cross dala ng kanilang uniporme at sakay rin ng ambulansya.<sup>13</sup>

Noong 1919, bukod pa sa Maynila, ang mga iba pang sangay ng ANRC at PRC-Branch sa Cebu, Iloilo, Dumaguete, Baguio at Zamboanga ay aktibo at tumutulong sa mga komunidad sa mga lugar na nasasakupan nito. Noong 28

---

<sup>11</sup>“The American Chamber of Commerce Journal”, *The American Chamber of Commerce Journal* (1923) 3, no.6 (June, 1923):11.

<sup>12</sup> Gregorio Nieva, ed. *The Philippine Review*(*Revista Filipina*) 2. no.2.(February, 1917): 6.

<sup>13</sup> “The 1918 Philippine Red Cross Carnival” *The Philippine Review*(*Revista Filipina*). 3.nos.1&2(January-February, 1918): 196-200.

Agosto 1919, nagbigay tulong na rin ang ANRC sa Philippine Health Service para sa mga tulong edukasyon at pagbibigay serbisyong medikal sa mga sanggol. Sa katunayan ay may 308,129 na mga bagong panganak na sanggol at 154,000 na mga bata na namamatay sa taong iyon at ito ay ayon sa ulat ni Chairman H.B.Pond. Samantala, naitatag naman ang iba pang serbisyo ng ANRC tulad ng Home Service, Civilian Home Service at Public Health Nursing. Naging kampanya ang pagliligtas ng mga bata at sanggol sa tumataas na *mortality rate* o bilang ng mga namamatay. Nagamit bilang kampanyang pulitikal ng Estados Unidos ang ganitong sitwasyong medikal.<sup>14</sup> Noong 1920, bukod pa sa mga nars ang naging pangunahing serbisyong medikal, nagkaroon na rin ang serbisyong dentistriya kaya nagkaroon din ng mga dentista ang ANRC.

Bukod pa sa serbisyong medikal at dentistriya, naging malaki rin ang papel ng ANRC sa mga kabataan. Nagkaroon ng Senior Red Cross (mula rito tutukuyin na SRC) at Junior Red Cross (mula rito tutukuyin na JRC) ang ANRC. Ang pokus ng SRC ay mga serbisyong medikal para sa mga matatanda samantalang ang JRC naman ay ang serbisyong medikal para sa mga kabataan. Hindi lang mga Amerikano at Pilipino ang natutulungan ng ANRC sa mga krisis sa mga kumakalat na sakit, sakuna at kagipitan. Maging sa paaralan nagbibigay ng edukasyon ang ANRC, sa tulong ng mga nars ng Philippine Health Service upang maturuan ang mga bata sa tamang kalusugan at sanitasyon, inspeksyon sa kalinisan ng mga bata at pasilidad, pagsusuring medikal at dental, malinis at ligtas na pamamahala ng pagsasaayos ng pasilidad, at pag-aasikaso rin ng mga palaruan ng mga bata. Hindi lamang ANRC ang nagbibigay ng serbisyo medikal, nakakatulong din ang PRC-Branch sa mga serbisyong pangangailangan ng mga pasyente at komunidad.<sup>15</sup>

## ANG ANRC MAGMULA 1921 HANGGANG 1932

Nagpatuloy ang pagbibigay ng serbisyo medikal, edukasyon at pagsasanay sa paunang lunas o *first aid training* sa mga kabataan na sumasali sa ANRC. Bukod pa rito ay sinasanay na rin ng ANRC ang mga Pilipinong nars para sa serbisyong medikal. Ito rin ang isang pagsusulong ni Gob. Hen. Leonard Wood bilang isang modernisasyon sa serbisyong medikal ng Pilipinas at naging instrumento ang Red Cross bilang propaganda ng Estados Unidos na kayang tumulong ng mga Amerikano sa mga Pilipinong nasasakupan nito. Sa kadahilanang ito, tinulungan ng ANRC ang mga mamamayan ng

---

<sup>14</sup> Aluit, *The Conscience of the Nation*, 130-135.

<sup>15</sup> *Twenty-First Annual Report of the Director of Education, January 1, 1920-December 31, 1920* (Manila: Bureau of Printing, 1921) 49-52.

Pilipinas. Noong 1923 ay mayroon nang 91 na Pilipinong nars ang Red Cross sa Maynila, mga paaralan, community nursing at supervisory staff.<sup>16</sup>

Bukod pa rito, umaabot ng ₱207,187.74 na naibibigay na pondo sa JRC sa lahat ng lalawigang nasasakupan ng ANRC at PRC-Branch sa Pilipinas. Sa laki ng pondong nakalap ng JRC, nakapagbigay ng trabaho ang Red Cross sa 65 na dentista hanggang 1924. Ngunit kahit na aktibo ang ANRC, naging malaking hamon din ang pakikipag-ugnayan sa mga pangkalusugang ahensya sapagkat hiwalay at kanya-kanya ang mga trabaho nito sa ibang lalawigan sa Pilipinas sa Ilocos Sur, Iloilo, Mindoro, Ilocos Norte, Negros Oriental, Negros Occidental, Pangasinan at La Union. Malaking hamon ang pagkalap ng mga ulat, pagsusuri sa mga pasyente at tulong medikal sa mga probinsya kumpara sa Maynila na mas nabibigyang pansin ang gawain ng ANRC. Noong 1924, ang mga nars ay kinailangang magtagal sa Red Cross dahil sa mga nakaraang taon bago ang 1924, isa o dalawang taon lang kasi maaaring magtrabaho ang isang nars sa ANRC ngunit dahil sa pangangailangan ng kanilang serbisyo at pagdami ng mga gawain ng ANRC, kinailangang magtrabaho nang maraming taon ang mga nars.<sup>17</sup>

May mga naitulong ang ANRC upang magbigay ng edukasyon at mabigyan ng lunas ang iba ring mga sakit sa ibang ahensya ng pamahalaan. Sumasali sa pulong ang ANRC (mga komite at miyembro), pati ang Philippine Health Service, sa mga tulong medikal na kailangan ng mga komunidad sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Bukod pa rito, may nakitang tala ang Bureau of Science tungkol sa pag-aaral sa *Trench Fever* kung saan nagkaroon ng Komite ang Red Cross para matugunan ang suliraning ito na kumakalat na sakit sa Maynila. Ang komiteng itinatag ang magsisilbing pokus para sa pagsugpo ng *Trench Fever* na kumakalat noong 1926. Nakilahok ang ANRC sa pag-aaral tungkol sa sakit para mabigyang lunas ang kumakalat na sakit.<sup>18</sup>

Noong 1928, patuloy ang panghihikayat ng ANRC upang makahimok ng mga miyembro na sasali sa Red Cross. Patuloy ang mapagkawangawang

---

<sup>16</sup> Major Charles H. Magee, "The Red Cross Peace", *The American Chamber of Commerce Journal* (1921) 1, no.1(June, 1921):15.

<sup>17</sup> Board of Educational Survey, *A Survey of the Educational System of the Philippine Islands*. Manila. Bureau of Printing. 1925: 453-463.

<sup>18</sup> J.F. Siler, Milton W. Hall & A. Parker Hitchens, *Dengue: Its History, Epidemiology, Mechanism of transmission, Etiology, Clinical Manifestations, Immunity, and Prevention* (Manila: Bureau of Printing, 1926):249.

serbisyo sa buong kapuluan.<sup>19</sup> Samantala, noong 1930 ay inilipat sa Taft, Avenue ang Pambansang Punong-Tanggapan o *National Headquarters* ng ANRC na may suportang pinansyal galing sa Pamahalaan ng Washington dahil hawak ng Estados Unidos ang ANRC sa Pilipinas. Nasa ₱200,000 ang presyo ng pagpapagawa ng bagong punong-tanggapan ng ANRC at PRC-Branch.<sup>20</sup>

Naging maayos ang serbisyo ng ANRC sa Pilipinas kumpara noong 1905 hanggang 1917 na muntik nang hindi maging aktibo at matigil ang operasyon. Magmula 1924 hanggang 1932 ay maayos na nakakapagtrabaho ang ANRC nang walang tigil. Noong nagbitiw si Mary Concannon bilang direktor ng JRC, hindi naman ito pinabayaan ng mga namamahala sa ANRC habang wala pang itinatagang direktor nito. Si Erna M. Kuhn naman ang naging direktor ng Nursing Services na sinundan naman ni Pansy V. Besom. Naging maayos ang pag-unlad ng institusyon hanggang 1932.<sup>21</sup>

### ANG KRISIS NG ANRC MAGMULA 1933 HANGGANG 1935.

Noong 1933, naging malaki ang epekto ng Great Depression ng Estados Unidos pati na rin sa kolonya nito tulad ng Pilipinas at may banta rin sa parating na Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Asya. Tumataas ang kawalan ng trabaho, pagbaba ng ekonomiya ng Estados Unidos at paniguradong maaapektuhan ang pamamalakad ng ANRC dahil sa lumalalang krisis. Ngunit natugunan naman ito ng mga miyembrong nars ng ANRC, sapagkat ang mga nars na nawalan ng trabaho dahil sa krisis ay ginawang semi-volunteer. Ang semi-volunteer ay ang mga miyembro ng ANRC na tutulong sa mga gawaing serbisyo na hindi na regular na miyembro ng Red Cross. Ngunit sa nalalapit na transisyon ng pamamahala sa bansa at pagpapalit ng pamahalaan ng Pilipinas, isinasaayos ng ANRC at Pamahalaang Estados Unidos sa Pilipinas ang pamamahala ng organisasyon lalo na sa pondo at pagtulong ng ANRC sa mga sakuna. Nagpapatuloy pa rin naman ang mga serbisyong medikal ngunit dahil nga sa pagbaba ng ekonomiya ng Estados Unidos kaya noong 1934 ay maraming Amerikano ang pumunta sa Pilipinas para magtrabaho dahil walang oportunidad sa Estados Unidos. Sa kadahilanang ito, maraming mga Amerikano ang nagtrabaho sa ANRC sa Pilipinas na naging dahilan na mas pinapaboran ang

---

<sup>19</sup> "The American Chamber of Commerce", *The American Chamber of Commerce Journal*(1928) 8, no.11.(November, 1928):10.

<sup>20</sup> Beryl Hughes, "Red Cross Services" *The American Chamber of Commerce Journal* (1930) 10, no.11.(November, 1930):19.

<sup>21</sup> Albertson, *The History of The American National Red Cross*, 70-80.

mga Amerikanong empleyado ng Red Cross kumpara sa mga Pilipinong empleyado nito. <sup>22</sup>

## ANG PILIPINISASYON SA RED CROSS, 1935-1940

Ayon kay Robertson, noong nanalo si Manuel L. Quezon bilang pangulo ng Pilipinas at naitatag ang Pamahalaang Komonwelt nais ng Pamahalaang Komonwelt na magkaroon ng Pilipinisasyon sa ANRC. Mas naging pokus ng Red Cross ang pagsasaayos ng organisasyon, pinansyal at pamamahala sa pambansang sitwasyon at hindi pa nabibigyang pansin ang internasyonal na pag-aasikaso nito dahil ito ay nasa panahon ng interim o *interim period*. Nagkaroon ng pag-oorganisa at pamamahala sa Red Cross na ang balangkas at sistema nito ay hindi na nakabatay sa pangkabuuang konsepto sa Estados Unidos, dahil ginagamit pa rin ng ANRC ang konsepto ng American Red Cross. Sa puntong ito, may sarili nang estado ang Pilipinas at ang bansa na ang may buong hawak ng Red Cross at napalitan ang pangalan magmula American National Red Cross at ito ay naging Philippine Red Cross (American National Red Cross), na tutukuyin bilang PRC-ANRC, para unti-unting magpapalit ng transisyon ng sistema ng pagtulong sa komunidad, sistemang pinansyal, sa panahon ng kagipitan at pamamahala nito dahil nakabatay sa pamamahala ng pamahalaan. Isasaayos din ang mga sistema sa tulong pinansyal, paghimok ng mga nars at mediko na binabayaran mismo ng organisasyon at mga miyembrong tutulong sa komunidad sa iba't ibang lugar sa bansa.

Sa kadahilanang nagkaroon ng Pilipinisasyon sa Red Cross sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt at pinamahalaan naman ito ng bagong pamahalaan sa Pilipinas. Ang mga serbisyong dental, kalusugang pampubliko, kagipitan, pambahay na serbisyo, panggagamot sa mga may sakit at pagbigay ng paunang lunas sa mga pasyente ay patuloy pa rin na isinasagawa ng PRC-ANRC. Maayos ang pagkalap ng pondo at patuloy pa rin ang pagbibigay ng kampanya at serbisyo sa komunidad ng PRC-ANRC. Naging matatag ang mga gawain ng institusyon hanggang 1940. <sup>23</sup>

## KONKLUSYON

Mapapansing mula 1898 hanggang 1940, may pinag-ugatan ang mapagkawanggawang serbisyo ng ANRC at PRC-ANRC hanggang sa kasalukuyang panahon na tinatawag na itong Philippine Red Cross. Mahalaga ang papel na ito sapagkat naipapaliwanag ang komprehensibong

---

<sup>22</sup> Albertson, *The History of The American National Red Cross*, 70-80.

<sup>23</sup> Albertson, *The History of The American National Red Cross*, 83-86.

kasaysayan ng Red Cross mula sa pagsisimula nito noong 1896, pagsisilbi ng PRC-Branch sa ilalim ng Estados Unidos at hanggang magkaroon ng isang institusyon na Philippine Red Cross (American National Red Cross) para sa makabansang institusyon ng Pilipinas sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt. Patunay na magmula 1917 hanggang 1932 na ang Red Cross ay hawak ng Estados Unidos at may direktang pamamahala ang pamahalaang kolonya sa ANRC. Hindi tulad ng PRC sa kontemporaneong panahon na may sariling institusyon at hindi direktang namamahala ang Pamahalaan ng Pilipinas, bagkus ang suporta ng PRC ay nanggagaling sa IFRC. Bukod pa sa ibang sekundaryang batis tungkol sa kasaysayan ng Red Cross, may mga naidagdag sa papel na ito ang mga detalyeng dapat naipapaliwanag sa kasaysayan ng Red Cross. Sa institusyonal na kasaysayan ng ANRC, malaking bagay na malaman ng mga Pilipino kung paano ba nakapag-ambag ang mga Pilipino at Amerikanong mediko pagdating sa mapagkawangawang serbisyo.

Ang mga Pilipino at Amerikanong miyembro ng Red Cross, sa ANRC at PRC-Branch, ay minsan nang hindi nagkakaroon ng maayos na ugnayan at pagkakaisa sapagkat pabor na mas tulungan ang mga Amerikanong miyembro nito kumpara sa mga Pilipino. Sa ilalim ng kolonyalismo ng Estados Unidos at imperyalismo nito, hawak ng pamahalaan ang Red Cross. May kontrol ang pamahalaan sa kahit mga utos na dapat sundin ng ANRC at PRC-Branch. Kaya't nang si Quezon ang naging pangulo ng Pilipinas, isinaayos ang transisyon ng PRC-ANRC sa mga miyembro nito at mas kinikilala na ng internasyonal ang Red Cross bilang representasyon ng bansang Pilipinas.

## BIBLIYOGRAPIYA

Aluit, Alphonso J., *The Conscience of the Nation: A History of the Red Cross in the Philippines 1896-1997*. Manila: Galleon Publications. 1977.

Artigas, Manuel. *Galeria de filipinos ilustres : biografias a contar desde los primeros tiempos de la dominaci'on Hispana, de los hijos del pais que en sus respectivas profesiones descollaron i hayan alcanzado alguñ puesto de distinción en sociedad / Manuel Artigas y Cuerva*. Manila: Imp. Casa Editora Renacimiento, 1918.

Albertson, Dorothy S. *The History of The American National Red Cross Volume XXXIV: The History of The Red Cross in the Philippine Islands*. Washington: The American National Red Cross. 1950.

*Board of Educational Survey, A Survey of the Educational System of the Philippine Islands.* Manila: Bureau of Printing, 1925.

Mabini, Apolinario. *The Letters of Apolinario Mabini.* Manila: National Historical Institute, 1999.

Nieva, Gregorio ed. *The Philippine Review (Revista Filipina)* 2. no. 2. (February, 1917): 2-9.

Heath, Capt. H.L. "The American Community", *The American Chamber of Commerce Journal* 1, no. 1 (June, 1921): 8-12.

Hughes, Beryl, "Red Cross Services" *The American Chamber of Commerce Journal*(1930)10, no. 11 (November, 1930): 18-19.

Magee, Major Charles H. "The Red Cross Peace", *The American Chamber of Commerce Journal* 1, no.1 (June, 1921):15.

"News of the World" *Philippine Education Magazine* 14, no.10 (March, 1928):579.

Siler, J.F. , Hall, Milton W. & Hitchens, A. Parker. *Dengue: Its History, Epidemiology, Mechanism of transmission, Etiology, Clinical Manifestations, Immunity, and Prevention.* Manila: Bureau of Printing, 1926.

"The 1918 Philippine Red Cross Carnival" *The Philippine Review (Revista Filipina)* 3 nos. 1&2 (January-February, 1918): 196-200.

"The Russian Refugees" *The American Chamber of Commerce Journal* 3, no.6 (June, 1923):10-11.

"Enroll" *The American Chamber of Commerce Journal*(1928) 8, no.11.(November, 1928):10.

*Twenty-First Annual Report of the Director of Education, January 1, 1920-December 31, 1920.* Manila. Bureau of Printing. 1921.